

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na patuloy mong ginawa kahit pa mahirap ito para sa iyo? Maaari ka bang magkuwento tungkol dito?
- May kakilala ka ba na alam mong laging nagsasabi ng totoo? Magkuwento tungkol sa kanya at sa katangian niyang ito.
- Ano ang isang bagay na sa tingin mo ay hindi ka mabubuhay kung hindi mo taglay?

WORD

⁶⁶Mula noon, marami sa mga tagasunod niya ang tumalikod at hindi na sumunod sa kanya. ⁶⁷Kaya tinanong ni Jesus ang 12 apostol, “Kayo ba, gusto rin ninyong umalis?” ⁶⁸Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Kayo lang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. ⁶⁹Sumasampalataya kami sa inyo at alam naming kayo ang Banal na sugo ng Diyos.” **JUAN 6:66-69**

Inihalintulad ni Jesus ang pagsunod sa Kanya sa naging karanasan ng mga Israelita habang sila ay nagpaikot-ikot sa disyerto noong panahon ni Moises. Kung hindi nila kakainin ang tinapay na ipinapadala ng Diyos araw-araw, hindi sila mabubuhay sa disyerto. Sa ganitong paraan, tayo ay dapat manalig kay Jesus, na Siyang nagbibigay sa ating kaluluwa ng pagkaing nakapagbibigay ng buhay na walang hanggan (Juan 6:27). Dapat nating kainin ang tinapay na nagbibigay buhay, ang katawan ni Jesus, upang tayo ay mabuhay (Juan 6:51). Ang sinabing ito ni Jesus ay naging mahirap tanggapin para sa Kanyang mga disipulo, at ang ilan nga sa kanila ay umalis at iniwan Siya. Ang tunay na tagasunod ni Jesus ay tinawag upang mabuhay nang may pagsasakripisyo, at ganap na pagtitiwala at pagsunod sa Diyos. Nangangahulugan ito ng dalawang bagay.

1

Ang buhay na may pagsasakripisyo ay nangangahulugan nang hindi pagtalikod kay Jesus.

Mula noon, marami sa mga tagasunod niya ang tumalikod at hindi na sumunod sa kanya. JUAN 6:66

(Basahin din ang **JUAN 6:60,65.**)

Nang ipakilala Niya ang Kanyang sarili bilang tinapay na nagbibigay buhay, si Jesus ay nakikipag-usap sa mga tagasunod na Niya. Subalit nang marinig nila ang isang katotohanang mahirap tanggapin, iniwan nila Siya. Nang magdesisyon tayo na sumunod kay Jesus, nangangahulugan ito nang hindi pagtalikod sa paniniwala at pagsunod sa Kanya gaano man kahirap tanggapin ang mga katotohanang sasabihin Niya sa atin. Ano ang isang bagay na sinabi ng Diyos na nahirapan kang tanggapin? Ano ang naging tugon mo?

2

Ang buhay na may pagsasakripisyo ay nangangahulugan ng pagpili sa Diyos sa kabila ng lahat ng iba pang pagpipilian.

⁶⁸Sumagot si Simon Pedro, "Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Kayo lang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. ⁶⁹Sumasampalataya kami sa inyo at alam naming kayo ang Banal na sugo ng Diyos." **JUAN 6:68,69**

Dahil nakilala natin si Jesus, tulad ng sinabi ni Pedro, Siya na ang pipiliin natin kahit marami pang ibang maaaring piliin. Pinipili natin Siya dahil nakakasiguro tayo na Siya lamang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Sa pagkilala natin sa Kanya, malalaman natin na Siya ang *Banal na sugo ng Diyos*. Paano mo mas nakilala kung sino si Jesus sa buhay mo?

APPLICATION

- Nagawa mo na ba ang desisyon na mamuhay sa piling ni Jesus habambuhay? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Paano ka lalalim sa pagkakakilala, paniniwala, at pamumuhay mo nang naaayon sa Salita ng Diyos? Ano ang isang bagay na gagawin mo tungkol dito simula ngayong araw na ito?
- Paano mo maibabahagi sa iba ang mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan? Paano mo sila mahihikayat na basahin ito at maniwala dito ngayong linggo?

